

1

Bingo!

Sa wakas ay nakuha na rin niya ang ibig sabihin ng mga nakaangat na tuldok sa papel. Sabi na nga ba. Hindi ordinaryong tuldok lamang ang mga iyon, may katugong letra ang mga iyon sa Braille—ang sistema ng pagsulat na ginagamit ng mga bulag at ng iba pang may problema sa paningin.

The *Internet* was definitely a powerful tool. At least, para sa mga marunong gumamit niyon. Lee *Google-d* ‘writing systems using dots’. Iyon ang tinipa niya sa keyboard. Braille ang nasa pinaka-itaas ng listahan sa lumabas na resulta. He searched for corresponding images at mula roon ay madali na niyang nakuha ang mga nakasulat sa papel na nasa pag-iingat niya.

Bugnay Village.

Batay sa maikli niyang research at base na rin sa impormasyong nasa papel, nasa kabundukan ng Cordillera ang nasabing lugar. Ini-off na niya ang computer. Itinukod niya ang dalawang siko sa harap ng desktop at tinitigan ang papel. Napabuntong-

hininga siya.

Hindi talaga niya gustong hanapin ang inihabilin ng kanyang ama-amahan na si Simeon Pineda. Pero dahil nakapangako siya na hahanapin at iingatan kung anuman ang batong sinasabi nito ay iyon ang gagawin niya.

Dalawang buwan pa lang mula nang yumao ang kinalakhan niyang ama. Ang totoo ay ninong niya ito. Ipinampon siya ng mga magulang niyang Koreano kay Simeon.

Oo, Koreano siya, purong Koreano at walang dugong Pilipino. Pero mas sanay siyang mag-Tagalog kaysa mag-Korean. Mahusay rin naman siya sa sariling wika, hindi nga lang niya nagagamit.

Ang kanyang ina ay si Park Sun-hee at ang kanyang ama ay si Chu Jung-Hi. Ganoon sa Korea, una ang apelyido bago ang pangalan. Hindi rin isinusunod ng babae ang apelyido sa napangasawa nito.

Napapikit siya. Bakit ba naisip niya ang mga magulang? Siguro ay dahil maituturing na siyang ulila ngayon. Bago namatay ang itinuturing niyang ama ay nakapangako siya na hahanapin at pangangalagaan ang bato na sinasabi nito.

Wala talaga siyang ideya kung ano ang batong sinasabi nito, ang sabi lamang nito ay heirloom iyon ng pamilya.

“Mangako ka, Anak, hahanapin at iingatan mo ang bato. Gamitin mo ang papel na ito.” Ibinigay nito sa kanya ang isang papel na hindi niya manlang pinagkaabalang tingnan, alam kasi niyang nagpapaalam na ang matanda. *“Ang sabi ng lolo ko, ibinigay raw iyon sa kanya ng lolo niya. Ang sinoman daw mag-ingat sa batong Alexandrite ay magkakamit ng kaligayahan at suwerte. At ang mga ganid na naghahangad nito ay mamalasin habang buhay.”*

Hindi sa pagmamayabang, pero alam niya kung bakit sa kanya ipinagkatiwala ang papel. Alam kasi ni Simeon na kapag nahawakan iyon ng mga tunay na anak nito ay lalabas ang pagiging sakim at makasarili ng mga ito.

At dahil mahal ng matanda ang tunay nitong mga anak at naniniwala ito sa kaakibat na ‘sumpa’ ng bato, ayaw nitong magdusa ang mga ito. Kaya sa kanya na lang ibinigay ang papel. Batid kasi nitong hindi siya umaasa sa suwerte. Mas gusto niyang gamitin ang kanyang kakayahan at sipag.

“Bugnay?” untag ng isang malamyos na tinig mula sa kanyang likuran.

Napalingon siya. Ang kanyang minanang sekretarya—si Kayla Jill Bermudez—pala iyon. Minana rin kasi niya sa ama-amahan ang kompanya nito gayundin ang lahat ng nagtrabaho roon.

Tumingin siya sa computer bago pamuling binalingan ito. Napakunot ang kanyang noo. Paanong nalaman nito ang ni-research niya gayong patay na ang computer?

Mukhang nabasa nito ang naglalaro sa kanyang isipan.

“Marunong ho kasi akong ng Braille, Ogham, Cuneiform, Bangla at iba pang alphabet,” anito. Saka lang nito inalis ang daliring nakalapat sa papel sa mesa niya.

Muli ay napahanga siya nito. “Talaga bang wala kang planong maging CEO?” biro niya. “On second thought, mas maganda nang sekretarya kita. Para naman hindi ako gaanong mahirapan.”

“Sir, sabihin lang ho ninyo pag may hindi kayo nagugustuhan sa mga ginagawa ko, ha?” Nasa boses nito ang pag-aalangan.

“Your work’s just fine, Kayla. Magaling ka, actually,” pagbibigay niya ng assurance dito.

Noon bumukas ang pinto at pumasok si Lean, ang bunso sa mga anak ni Simeon. Mukhang naghahanap na naman ito ng gulo.

“Just as I thought!” bulalas nito.

Binalingan niya si Kayla na nagkibit-balikat lamang. Lihim na napailing siya. “Tatawagin na lang kita, Kayla.”

Inilapag ng dalaga ang hawak na folder sa mesa niya.

“These are the reports you asked from me yesterday,” anito at lumabas na ng kanyang opisina.

Napatiim-bagang siya nang makitang may pagnanasang sinundan ng tingin ni Lean ang dalaga.

“She’s taken, Lean,” pagbibigay-alam niya. Alam niyang may nobyo na ang babae.

“So you’ve had her,” nakangisi nitong saad.

Napailing siya. “Walang namamagitan sa amin,” aniya. “You have a dirty mind, Lean.”

Padarag itong tumalikod at naglakad palabas ng opisina. Muli ay napailing siya at pinindot ang intercom.

“Talaga bang wala kang planong maging CEO?”

Ang tanong na iyon ang umaalingawngaw sa isipan ni Kayla nang lumabas siya ng opisina ni Lee.

Pinuri niya ako! At sinabi pa niya na mahihirapan siya kapag wala ako.

Nagdiriwang ang kanyang kalooban sa mga sinabi ni Lee. Hindi niya iyon inaasahan. Nang una ay inakala niyang papalitan siya nito bilang secretary ng CEO ng kompanya. Si Simeon Pineda kasi ang totoo niyang boss at kaluluklok lang kay Lee bilang CEO kapalit ng adoptive father nito.

Matagal na siyang may lihim na pagtingin kay Lee. Lagi niya itong nakikita kahit noong si Mr. Pineda pa ang CEO. Mabait si Lee, down to earth, ubod pa ng guwapo. Kaya tuloy napasali siya sa mga babaeng nagkakagusto rito.

Maaga siyang naulila kaya natuto siyang magtrabaho sa batang edad. Inampon siya ng isang tiyahin ngunit panay ang reklamo ng asawa nito na pabigat daw siya. Mahirap man ang kanyang pinagdaanan, nakaya niyang lahat iyon.

Sixteen na siya nang humiwalay siya sa poder ng tiyahin. Harapan na kasi siyang itinaboy ng asawa nito. Binigyan na lang siya ng tiyahin ng kaunting

pera bago siya umalis.

Napaangat ang tingin niya nang may dumaan.

“Hi, Babe.” Ngumisi pa si Lean nang nakakaloko. Kung hindi lang ito anak ng dati niyang boss ay hindi niya ito pakikitunguhan nang maayos.

Bastos kasi ito, walang konsiderasyon sa kapwa. Siguro kung tutulad siya sa karamihang babae na masisilaw sa magandang background nito—moneywise—matagal na niyang sinakyan ang mga advances nito. Pero hindi siya ganoon. May respeto pa siya sa sarili. Pero siyempre rin, hindi niya ipangangalandakan dito na kinaiinisan niya ito at ang mga pinaggagagawa nito.

Ngumiti siya. “What can I do for you, *Sir*?” Pinakadiinan niya ang huling salita, nais ipaalala dito ang posisyon.

Mas lumawak ang ngisi nito. “Can I have you in my bed?”

Mangani-nganing ihampas niya ang LED monitor dito kung di man ang upuan niya. Baka sakaling tumama rito ang alinman doon at mabasag ang bungo nito. Pero nagtimpi pa rin siya. Ayaw niyang mawalan ng trabaho. Buti na lang at tumunog ang intercom kasabay ng pagtunog ng telepono.

“I’m sorry, Sir, but as you can see, I’m busy.” Hindi na niya hinintay na makasagot ito, inangat na niya ang receiver ng telepono.

“*Pineda Real Estate*, what can I do for you?” sagot niya sa telepono.

Nakita niya ang pagtiim-bagang ni Lean bago ito tumalikod at umalis.

Nakahinga siya nang maluwag. “Yes, Ma’am. I’ll send the requirements to your address. Okay, have a good day!” Nang maibaba ay pinindot niya ang answer button ng intercom. “Yes, Sir?”

“Can you get me a cup of coffee, please? Thank you.” Iyon lang at nawala na ito sa linya.

Mabilis na naghanda siya ng kape sa pantry at dinala iyon sa opisina nito.

“Thanks,” nakangiting pasasalamat nito, nasa mga papeles na dala niya kanina ang mga mata.

Hahakbang na siya palabas nang tawagin siya nito.

“Wait, Kayla?”

“Yes, Sir?” pormal na tanong niya sa kabila ng malakas na pagtibok ng kanyang puso. Parang

nasasanay na nga siya sa tibok niyon. Mula nang dumating si Lee ay ganoon na parati ang tibok ng kanyang puso, basta nasa malapit ito.

“Don’t you want to take a vacation?” seryosong tanong nito.

Kinabahan siya sa tanong nito. “D-did I do something wrong?”

“No, no... that’s not what I meant.” Umiling-iling ito at nahulog sa pag-iisip bago muling nagsalita. “Anong languages pala ang kaya mong gamitin at intindihin?”

“Well, bukod po sa Filipino and English, marunong po ako ng Japanese, kaunting Korean, hmm... ano pa ba?” Saglit na nag-isip siya, pagkuwa’y umiling. “Iyon lang, Sir. Ilocano po ang local dialect ko.”

Tumango-tango ito. “Good. Ano ang mga kaya mong basahin?”

Nagtataka na talaga siya sa mga tanong nito.

“Err... ’yong mga sinaunang mga sulat po. Medyo marunong din po akong bumasa ng Hangul, Hanja, Kanji, Hiragana at Katakana.”

Napangiti ito. “Magkakaintindihan pala tayo kapag nag-Korean ako. Anyway, may sense of

direction ka ba?” muli ay tanong nito.

Marahang tumango siya. “Bakit po, Sir?” hindi na nakatiis na tanong niya.

Sa halip na sumagot ay nag-utos ito. “Maghanap ka ng papalit sa 'yo pansamantala. Mga one month more or less tayo mawawala. I'll have Dillan take over my duties. We're going to do something adventurous.”

Mahina siyang napabuntong-hininga. Pakiramdam niya ay kailangan na niyang rendahan ang damdamin para sa binata, kung anu-ano na ang naiisip at nararamdaman niya. Kaya lang siya nag-aral ng Korean noon ay dahil akala niya, hindi ito marunong mag-Tagalog. Pero mukhang mas magaling pa yata itong mag-Tagalog kaysa sa kanya.

Alam niyang mali ang magkagusto pa rito, lalo na at mag-iisang taon na sila ng kanyang nobyo. Kung alam lang niya na may pag-asang makilala niya ito, sana ay naghintay na lang siya. Hindi man siya nito gustuhin at ligawan, at least malaya niya itong maiisip at matitingnan. Tuloy, nagiging unfair siya ngayon sa boyfriend niya.

“Why? May problema ba?” Narinig yata nito ang kanyang buntong-hininga kaya ito nagtanong.

“Ah... wala ho.” Alangang sabihin niya rito ang

nararamdaman niya, di, nagkaloko-loko na.

“Sige na, look for your temporary replacement, okay?”

“O-okay, Sir.”

Bumuntong-hininga si Lee. Alam niyang mali ang gagawin niyang pagtakas kay Kayla. Pero tama lang siguro na magbakasyon ito. Nabanggit noon ng kanyang Papa—ni Simeon Pineda—na hindi nito napayagan ang dalaga nang humiling ito ng ilang araw na leave.

Naisip niya bigla ang nobyo nito at nagtagis ang kanyang bagang nang maisip na baka magkasama na ang dalawa sa iisang bahay kaya wala ng interes si Kayla na magbakasyon. Lalong nagdilim ang mukha ni Lee nang maisip ang posibleng ginagawa ng mga ito.

Hindi na niya itatanggi, attracted siya sa kanyang sekretarya. Bakit hindi? Kayla was *Aphrodite* brought to life. Walang hindi maaakit dito. Lumitaw sa kanyang gunita ang maamong mukha nito, ang manipis at mapupulang labi na hindi niya sigurado kung dahil lang sa lipstick o sadyang ganoon ang kulay. Katamtaman ang tangos ng ilong nito. Ang

bilugan nitong mga mata ay bumagay sa hugis puso nitong mukha. Ang ganda nito ay lalong pinatingkad ng buhok nito na kumukulot sa dulo, parang ang sarap hawakan at damhin, lalo na at tila kay lambot niyon.

Sunod niyang nakita sa imahinasyon ang pakikipaghalikan niya rito at paggawa nila ng iba't ibang kamunduhan.

“Sir,” untag ni Kayla kasabay ng katok.

Mabilis na pinakalma niya ang sarili. Ramdam na ramdam niya ang di-makontrol na pag-iinit ng katawan na nararanasan lang niya kapag iniisip ang dalaga o kapag malapit ito sa kanya.

Humugot siya ng hangin bago nagsalita. “Come in.”

Mabining lumakad ito papalapit sa kanya. Ngayon ay mas natutukso siyang halikan na ito. Ang bawat hakbang nito ay nagpapaindayog sa mga balakang at dibdib nito.

Napalunok siya nang wala sa oras.

Man, will you get a grip!

“Yes?” tanong niya nang maibaba nito ang kape at tila may gustong sabihin.

“Tinawagan ko na po si Sir Dillan at pumayag na siyang mag-take over muna sa position n’yo. Sinabi rin po niya na hindi na niya kailangan ng assistant. He said that he will do just fine without one.”

Napataas ang dalawang kilay niya. “Well, that’s a relief. Mapapaaga ang alis natin. Why don’t you go home and pack? Sabihin mo rin sa akin ang address mo. I’ll be picking you up later. Say... around seven?”

Pagkasabi ng address nito ay nagmartsa na ito palayo.

Shit! Am I doing the right thing?

Parang gusto tuloy niyang kastiguhin ang sarili sa ginagawa. Hindi imposibleng matukso siyang may gawin kay Kayla habang magkasama sila sa isang malayong lugar, walang ibang kakilala, walang makikialam.

Napailing siya, parang biglang nanghina.

It can’t be that bad, kumbinsi niya sa sarili.

Gusto niyang makasama si Kayla kahit sandali lang. Gusto niyang makasama ito sa gagawing paglalakbay. Plano niyang dito ibigay ang heirloom na ipinakukuha ng kanyang papa.

Hindi niya maintindihan ang sarili. Bakit ba

ganito ang nadarama niya para sa dalaga?

Ang dapat na ginagawa niya ay maghanap ng magagandang babae at ilabas ang init ng katawan na kanyang nararamdaman. Pero kahit iba ang kaniig ay pangalan pa rin ni Kayla ang kanyang sinasambit. May mga babae na handang magtiis at magpanggap sa ‘pagkakamali’ niya. Pero sa huli ay siya na rin ang tumatanggi sa mga ito.

Siguro hindi siya matatahimik hangga’t hindi niya nakukuha si Kayla. But Lee didn’t want to take advantage of the girl. Baka mawalan pa siya ng mahusay na sekretarya. And he certainly didn’t want the two of them to part in bad terms.

Bumuntong-hininga siya. Kailan kaya niya mapapatay ang obsession niya sa dalaga? Ang kaalamang may nobyo na ito ay hindi nakaapekto sa nararamdaman niya para rito.

Nasaan na ang moral niya?

Oo nga at hindi pa mag-asawa ang mga ito pero saan pa ba ang tuloy niyon? Kung tama ang pagkakatanda niya ay may isang taon na ang relasyon ng magkasintahan.

Geez... I hate what I’m feeling right now. Kung sana ay sa ibang empleyado na lang niya naramdaman

iyon. He was sure the other girls would be more than willing to take him up on what he wanted. Pero iyon nga, tanging kay Kayla lang siya may nararamdaman.

Sinulyapan niya ang relo. Wala na siya sa mood para magtrabaho. Pasado alas seis na pala. Inayos na niya ang lamesa at lumabas na ng opisina. Napatingin siya sa desk ni Kayla. Nakaalis na din ito. Parang naiwan sa lugar ang mabangong amoy nito.

Dumapo ang tingin niya sa paanan ng upuan nito nang may makita siyang kuminang. Pinulot niya iyon. Isang locket necklace. Nang buksan niya ay nakita niya ang nakangiting mukha ni Kayla at sa kabila ay ang mukhang gusto niyang suntukin: ang boyfriend nito. Nagtagis ang bagang niya. Ibinulsa niya iyon, sa isip ay biglang may nabuong desisyon.

2

“Hon, alam mong ginagawa ko ito para sa trabaho ko, walang ibang dahilan,” paliwanag ni Kayla sa nobyo.

Nasa bahay niya sila at nag-uusap. Ibinalita kasi niya ritong mawawala siya nang mahigit-kumulang isang buwan.

“Pero, Hon, bakit sa dami ng empleyado niya ay ikaw pa? Kailangan ka sa opisina n’yo. Mawawala na nga siya, mawawala ka pa. ‘Wag ka na lang kayang sumama? Mami-miss kita, eh,” paglalambing pa nito.

“Greg,” aniya, unti-unti nang naiirita. “Trabaho ito. I have to do this.”

“Okay, okay. Pero sana naman bigyan mo ako ng garantiyang akin ka lang.” Ngumisi pa ito.

Hindi niya kailangang maging manghuhula upang malaman ang ibig nitong ipakahulugan sa sinabi. Nais nitong may mangyari sa kanila.

“Ang pakikipagtalik ay isang sagradong bagay para sa akin, ginagawa lang iyon ng mga mag-asawa. Kapag kasal na tayo.” Napapansin niya rin na napapadalas ang pangungulit nito sa kanya tungkol

doon.

Pakiramdam niya tuloy ay parang gusto lang nitong makuha ang kanyang pagkababae. Pero hindi pa rin niya iyon napapatunayan kaya wala siyang dahilan para makipagkalas dito.

“Baka naman nauna na pala sa akin ang boss mo,” kutya nito.

Isa pa iyon. Nagiging seloso na rin itong masyado sa boss niya.

“Nananahimik iyong tao, idinadamay mo. Wala siyang gusto sa ’kin. Wala kaming gan’ung relasyon. Sasayangin mo ba ang isang taong relasyon natin dahil sa walang kuwentang pagseselos mo?” hindi na makatiis na sumbat niya.

Nagdilim ang mukha nito. “Walang kuwenta? Kung hindi ko pa alam, eh, gusto mo talaga ang boss mo! Hoy, huwag mo akong paikutin. Kitang-kita sa mga mata mo. Kapag pinag-uusapan natin siya ay nag-iiba ka. At wala ka nang bukambibig kundi si Lee!” sumbat nito.

May karapatan itong manumbat dahil may katotohanan ang sinasabi nito. Siguro, tama lang ang pagtatalo nila para magkaroon siya ng pagkakataon na maging matapat at makipagkalas dito.

“Fine. Aaminin ko, humahanga ako sa kanya. Pero hindi niya alam. At wala talaga kaming relasyon. Napapagod na ako sa pagdududa mo, Greg. Mabuti pa, maghiwalay na lang tayo. Palagay ko wala na ring patutunguhan ang relasyong ito.”

“Sige, tapusin na natin ito. Pero kailangang matikman muna kita.” At malisyosong hinagod nito ng tingin ang kabuuan niya.

Naka-sando lang siya at shorts na maikli. Pakiramdam niya ay hinuhubaran siya nito sa paraan ng pagtitig nito sa kanya.

Humalukipkip siya at sinubukang itago ang katawan kahit may suot pa siyang damit.

“Sisigaw ako—”

“Di sumigaw ka! Sino’ng makakarinig sa atin dito? Malayo ang mga kabahayan dito, nakalimutan mo na ba?” Mala-demonyo ang ngiti nito habang lalong lumalapit sa kanya.

Kinilabutan siya. Tama ito. Malabong may makarinig sa kanya. Nasa liblib ang nabili niyang bahay. Gusto kasi niya ng tahimik na lugar. Iyon din ang dahilan kaya nakuha niya iyon sa mababang halaga.

Pero mamamatay muna siya bago siya magalaw nito. Tumili siya ng pagkalakas-lakas at pinagkakalmot ang mukha ng lalaki nang daluhungin siya nito. Pero tila hindi nito nararamdaman ang ginagawa niya, para itong sinasapian. Itinulak siya nito, dahilan para matumba siya at sumadsad sa sahog. Isang tili ulit ang pinakawalan niya.

Ngunit talagang malas yata siya dahil wala pa ring nakarinig sa kanya. Sinubukan ulit niyang manlaban. Nasira na nito ang sandong suot niya. Hinawakan nito ang dalawa niyang kamay sa taas ng kanyang ulo. Ikinulong nito sa pagitan ng mga hita ang kanyang mga binti . Nangilabot siya nang maramdaman ang kahandaan nito. Hinalikan siya nito sa labi sa kabila ng pagpupumiglas niya. Nang masakop nito ang kanyang bibig ay kinagat niya ito. Napamura ito nang malutong. Galit na iniumpog siya ng lalaki sa sahog. Dahan-dahan siyang nanghina.

No! sigaw ng kanyang isipan.

Iminulat ni Kayla ang kanyang mga mata at maingat na bumangon. Nasaan na siya? Hindi pamilyar sa kanya ang lugar. Asul ang kulay ng dingding. Komportable ang kanyang higaan at maganda ang silid na kompleto sa kagamitan.

Binalikan niya ang nangyari. Nanlamig siya sa naisip. Pinakiramdaman niya ang sarili. Masakit ang kanyang ulo, gayundin ang kanyang braso at binti. Dahil siguro sa panlalaban niya. Nakuha ba ni Greg ang gusto nito sa kanya?

Sa naisip ay napaiyak siya. Wala na ang iniingatan niya. At ang masaklap, inisip pa niya na hindi siya kayang saktan ng taong kumuha niyon sa kanya.

Napahagulgol siya. Isinubsob niya ang mukha sa dalawang palad. Naramdaman niya ang paglundo ng kama. Hindi siya nag-angat ng tingin. Ayaw na niyang mabuhay pa. Nakakahiya ang nangyari sa kanya.

“Kayla...” anang pamilyar na tinig.

Napahinto siya sa pag-iyak. Dahan-dahang hinagip ng mga mata niya ang nagsalita.

“S-Sir Lee...”

“Shh... tama na.” Kinabig siya ng binata at marahan siyang umiyak sa dibdib nito.

“Walanghiya siya! Napaka-walanghiya niya,” hinagpis niya.

Marahan siya nitong iniangat. Ipinantay nito ang kanyang mukha sa mukha nito.

“Walang masamang nangyari sa iyo. Tahan na. Mabuti na lang at sakto ang dating ko.” Ang pag-aalala nito ay napalitan ng nagbabagang galit. “Mapapatay ko talaga ang lalaking iyon. Sa ngayon ay sisiguraduhin kong hindi na siya makakalabas pa ng kulungan.”

Nabagbag ang kanyang damdamin sa sinabi nito.

“Talaga? Hindi siya nagtagumpay? Pero paano?”

“Magpahinga ka na muna. Bukas na tayo mag-usap. Kaya mo na bang umalis bukas? Mas makakabubuti sa iyong makasagap ng sariwang hangin.”

Tumango lang siya kahit hindi niya maintindihan ang sinasabi nito.

Inalalayan siya nito upang mahiga. “Magpahinga ka na, ha?” Nakatayo na ito nang hawakan niya ang laylayan ng damit na suot nito. “Bakit?” nagtatakang tanong nito, bumaling sa kanya.

“Dito ka lang, please?” pakiusap niya. “Natatakot ako.” Tila nagtatalo ang isip nito kung babantayan siya o aalis na. Parang hirap na hirap ito sa hiningi niya. Bumuntong-hininga ito.

“Okay.” Bumalik ito sa pagkakaupo sa gilid ng

kama.

Umusog siya. Hindi niya alam kung saan niya nakuha ang lakas ng loob upang isaboses ang sunod na sinabi.

“Humiga ka naman dito, please? Yakapin mo na rin ako,” pakiusap niya.

Bago siya hinila ng antok ay naramdaman niya ang komportableng yakap ni Lee.

My Sweet Kayla, naisip ni Lee nang makabawi sa hiling ng dalaga.

Tumabi siya rito at niyakap ito. Nagtagis ang kanyang bagang nang maalala ang nangyari.

Narinig niya ang tili ng isang babae na kilalang-kilala na niya.

Mabilis siyang umibis sa sasakyan. Sa kabutihang palad ay bukas ang pinto sa harapan. Pumasok siya roon, nakita niyang hinuhubad ng lalaki ang shorts ni Kayla.

Nagpupuyos na nilusob niya ng suntok ang lalaki. Hindi niya alam kung saan siya nakakuha ng lakas. Isang suntok lang niya sa lalaki ay tumaob na ito. Hindi

na rin nito nagawang tumayo. Nilapitan niya si Kayla, pinulsuhan niya ito. Nakahinga siya nang maluwag nang maramdaman ang tibok ng pulso nito. Nawalan lang ng malay ang kanyang sekretarya. Nakita niya ang lalaki. Nakabawi na ito sa pagkakasuntok niya.

“Sino ka ba? Bakit ka pumapasok sa teritoryo ko?” sigaw nito. Nakatayo ito at kaagad siyang nabirahan ng isang suntok na hindi niya naiwasan.

Isang sipa ang iginanti niya rito. Napaigik ito sa sakit. Sunod niyang ginawa ay hinataw ang leeg nito.

“Lee Chu ang pangalan ko. At wala kang karapatang pagsamantalahan ang sekretarya ko,” sagot niya bago ito nawalan ng malay.

Kinuha niya ang kanyang cellphone at tinawagan ang isang kakilalang pulis. Naghanap siya ng kumot. Ibinalot niya iyon sa katawan ng walang malay pa ring dalaga.

Hindi naglipat-oras at dumating na rin ang mga pulis. Pagkatapos niyang magbigay ng statement ay umalis na rin ang mga ito.

At ngayon ay nandito na sa tabi niya si Kayla, yakap niya. Wala pang babae na nakapagparamdam sa kanya ng ganoon kapag yakap niya, si Kayla lang. Dinamitan niya ito kanina. Siya ang nagpalit dito

dahil wala siyang ibang kasama sa condo. Sa tingin niya ay mas ligtas ito na kasama siya.

Ligtas nga ba? tuya ng isang bahagi ng kanyang isip.

Tama nga yata ang bahaging iyon. Dahil nabubuhay na naman ang atraksyon niya para rito. Physical attraction, of course. Ayaw muna niyang tuklasin ang totoong damdamin niya rito.

She was absolutely beautiful. Maganda rin ang katawan ito, nasa tama lahat ang kurba. Napabuntong-hininga na lang siya at pilit kinalma ang sarili.

Isiniksik pa ni Kayla ang sarili sa tila buhay na kumot na nakabalot sa kanya. She felt at ease in its warmth. Hanggang sa may ungol na kumawala. Naparalisa siya. Idinilat niya ang mga mata at tumambad sa kanya ang isang lalaki na walang saplot. Napatili siya at natatarantang lumayo. Sa labis na katarantahan ay hindi niya napansin na nasa dulo na pala siya ng kama kaya nahulog siya.

”What the—!” sigaw ng lalaking katabi niya kanina. “F*ck!” Si Lee pala iyon. Mabilis na dinaluhan siya nito. “Are you okay?”

Parang wala sa sariling napatango na lang siya. Ang bilis ng tibok ng puso niya, hindi sa pagkataranta, kundi dahil nasa harapan niya ang amo. Ganito ba talaga kaguwapo ang lalaking ito tuwing umaga? Oo at guwapo ito sa opisina nila, pero mas guwapo ito ngayon.

She didn't know that Asian guys could look ruggedly handsome, but Lee did. Magulo ang buhok nito, tanging boxer shorts lang ang suot at nakikita niya ang umbok na harapan nito. Napalunok siya. Dapat ay iiwas niya ang mga mata o takpan kanyang mukha, pero hindi niya magawa. Parang may halimaw na sumanib sa kanya.

Muling umungol ito, tumalikod. "Kayla, Darling, 'wag mo akong tingnan nang ganyan," nahihirapang sabi nito.

Napasinghap siya. Ganoon na ba ka-obvious na gusto niya ito? God! Nakakahiya!

Nilingon siya nito at inilahad ang isang kamay. He then gave her a sheepish smile.

"Tara, kain na muna tayo. Or you could take a bath habang nagluluto ako ng breakfast natin." Pagkatapos siyang alalayan ay lumabas na ito ng kuwarto.

Mabilis na tinungo niya ang banyo at doon nagbabad upang matunaw ang hiyang nararamdaman. Hindi niya alam na natagalan na siya kung hindi pa siya kinatok ni Lee.

“Ahm... p-patapos na ako!” Tumikhim siya. Noon niya naalalang wala siyang ibang damit kundi ang suot kagabi na hindi pa sa kanya. “Sir Lee?”

“Yes?”

“Ahm...”

“Ah, yes.” Tila nahulaan nito ang problema niya. “Gamitin mo iyang mga towels diyan sa cabinet. Malinis iyan. Saglit lang at ikukuha kita ng damit.”

Hindi nagtagal ay narinig na niya ang mga yabag nito kasunod ang boses nito.

“Buksan mo na ang pinto. Hiramín mo muna ’tong damit ko. Pupunta tayo sa bahay mo para makuha mo na rin iyong inempake mo bago tayo umalis.”

Tumalima siya. Bahagyang iniawang niya ang pinto at isinungaw ang ulo at kamay.

“Bilisan mo para makakain na tayo, pagkatapos na lang nating kumain ako maliligo,” anito at tumalikod na.

Pagkatapos magbihis ay lumabas na siya ng kuwarto. Napangiwi siya nang mapilitang gamitin muli ang undies na suot kagabi.

Condo unit pala ang inuuwian ni Lee.

“Wow!” bulalas nito. “Bagay pala sa iyo ang damit ko.”

Alam niyang may halong biro iyon, upang maalis ang uneasiness sa pagitan nila. Gayunpaman, hindi pa rin niya mapigilan ang mamula. Doble ang laki sa kanya ng suot, para siyang naka-bestida sa T-shirt nito na umabot hanggang tuhod niya.

Umupo siya sa kaibayo nito. “Ano’ng nangyari? Nahuli ba si Greg?” Mas kalmado na siya ngayon kumpara kagabi.

“Greg pala ang pangalan ng lalaking iyon,” parang narinig niyang bulong nito bago tumingin sa kanya. “Nagpalipas siya ng gabi sa presinto, sinisiguro kong hindi na siya makakalabas sa kulungan kahit kailan. Kaanu-ano mo ba ang lalaking iyon? Paano siya nakapasok sa bahay mo?” galit na tanong nito. “Sabagay, maski ako nga ay nakapasok nang walang kahirap-hirap. Ang ibang tao pa kaya.”

Minabuti na lamang niyang hindi sabihin dito ang totoo na nobyo—dating nobyo niya si Greg.

“Ah... hindi ko kilala ang lalaking iyon. Nagulat na lang ako nang makapasok siya.” Hindi na rin siya nagbigay pa ng detalye. Ayaw niyang lumaki pa ang kasinungalingan.

“Okay, naiintindihan ko kung ayaw mong magkuwento. Sige, kumain ka pa, mamaya na tayo aalis. Pupunta tayo sa Cordillera.”

“Cordillera?” parang lorong ulit niya. Tumango ito. “Ano’ng gagawin natin doon?”

“Sapilitang bakasyon,” malabong sagot nito.

Nagkibit-balikat na lang siya.

“Ilang oras tayo sa biyahe?” tanong ni Kayla.

Napatingin si Lee rito. “Eight hours, I think.” Sinabi na niya sa dalaga ang tungkol sa huling habilin ng kanyang papa.

Ang akala niya ay magtatawa ito kung di man iisipin na nababaliw na siya, pero mukhang mas excited pa ito sa kanya sa nalaman.

“Parang magiging masaya ito, ah! Kailangan ko pala ng energy. Matutulog na muna ako, ha?” May kinuha ito sa dalang bag—jacket. Itinalukbong nito

ang panlamig sa sarili at humarap na sa bintana.

“Kayla?” untag niya nang nananahimik na ito.

Seryoso? Matutulog talaga ito? Hindi niya akalaing matutuwa ito sa totoong pakay nila sa pag-akyat sa Benguet.

Napangiti siya.

Kayla was really fascinating. She was also unique in a good way. Hindi kataka-takang maraming nagkakagusto rito. Hindi ito boring gaya ng unang impresyon niya.

Dahan-dahan niyang inihilig ang katawan nito sa katawan niya. Gusto niyang maging komportable ito habang natutulog.

3

“Saan na ngayon tayo pupunta?” parang batang tanong ni Kayla nang nasa Bugnay na sila.

“Pupunta tayo sa Bugnay Village,” ani Lee. “Nakarating ka na ba dito before?”

Umiling siya. Sa dalawampu't limang taon ng pamumuhay niya sa mundong ibabaw ay ngayon lang siya nakatapak sa Benguet. Hindi kasi siya gala katulad ng ibang kaedad niya. Mas gusto niyang makaipon para sa tuition niya kaysa gumastos para mag-travel. Secretarial muna kasi ang tinapos niya, bukod sa crash language courses. Nais niyang kumuha ng bachelor's degree at pumasok sa kolehiyo.

Pero, siyempre, iba ang bakasyon kapag libre.

“Sa tingin mo ano ang ibig sabihin nito?” tanong ni Lee.

Nasa likod niya ito. Babalingan sana niya ito kaya nang umatras siya ay saktong sa matipunong dibdib nito lumapat ang likod niya. Itinuon na lamang niya ang mga mata sa kapirasong papel na hawak nito sa unahan niya.

“Kasama ito ng papel na ibinigay sa akin ni Papa,” paliwanag nito.

Naguguluhan siya sa nararamdaman. Nakakailang, pero masarap. Gusto niyang tumakbo pero parang ayaw rin niyang mahiwalay sa yakap nito. Nanatili siyang nakatayo roon.

“Kayla?” untag ni Lee.

Tumikhim siya at binalingan ito.

“Gaya nga ng sabi ko,” pagpapatuloy nito, “hindi ko na masyadong pinagkaabalahan ang mga nakasulat na simbolo dito. Naisip ko, tutal kasama naman kita at magaling ka sa Braille at iba pang writing systems, maiintindihan mo ang mga nakasulat dito. Sinubukan ko ring intindihin base sa print out na meron ako kaso puro lines lang ang mga ito.”

Kinuha niya ang papel upang analisahin iyon. Direksyon ang naroon at isang pangalan.

Bugnay Village, West. Pine tree cross. Left. Pine tree cross. Up. Pine tree cross. Left. Pine tree cross. Right. Roberto Mateo.

“Naintindihan mo ba?” tanong ni Lee.

Hindi na ito sa likuran niya nakaposisyon, nasa kaliwa na niya ito. “Ang isang line na horizontal na

ito ang ibig sabihin ay B,” itinuro niya ang isang linya, pagkatapos ay itinuro ang tatlong linya na nakahiwalay, “itong tatlong ito ay V or F. I think it means Bugnay Village.”

“Paano mo naisip iyon?”

“Dahil d’un sa papel na nasa Braille na una kong nakita sa desk mo.” Ngumiti siya. “Pero may hindi ako makuha masyado.” Itinuro niya ang nasa ibaba ng mga linya. Ekis ang hitsura niyon. “Kung Ogham ang ginamit dito, sa tingin ko ay W ito, ang ibig sabihin, West. Palagay ko direksyon ang itinuturo nitong papel na ito.”

“Ang galing ah,” bulalas nito.

“At ito namang mga ito...” Itinuro niya ang mga punong mukhang pine trees, mayroong krus ang mga iyon sa gitna. “Yong pine tree ay may krus, kapag nakita na natin iyon, sundan natin ang madiin na shade na nandito sa mini-direction guide natin.”

Natawa ito. “Grabe, hindi ko talaga ito magagawa kung wala ka.” Inakbayan siya nito. Hinalikan din nito ang tungki ng ilong niya. “Thanks a lot, Kayla!”

“Hoy, Sir, bawal ang tsansing!” singhal niya, alam na kulay kamatis siya.

“Sorry.” Nakangising binitawan siya nito. “Okay, iwan na lang natin dito ang sasakyan natin. Kailangan nating bumili ng pagkain at inumin. Mahaba-habang lakaran ito kaya kailangan natin ng baon.”

“Pagabi na,” puna niya.

“Oo nga. Maghanap na lang muna tayo ng hotel or inn, bukas na lang tayo ng umaga lumakad.”

Tumango na lang siya.

Pagkatapos dumaan sa isang mini-mart upang bumili ng babauning pagkain, inumin at iba pang gamit ay nagtuloy na sila sa nag-iisang hotel na nakita nila.

“Two rooms, please,” ani Lee nang nasa reception desk na sila.

“I’m sorry, Sir. Pero isa na lang po ang available ngayong gabi,” sagot ng lobby clerk.

“Isa na lang?” ulit niya.

“Yes, Ma’am. Sorry po, may grupo po kasi ng researchers na dumating kanina kaya fully-booked talaga kami. Iyong bridal suite lang po ang available.”

“Bridal suite?” Napalunok siya.

“Okay, we’ll get it,” balewalang saad ni Lee.

Nagkibit na lang siya ng balikat. Mas ayos na matulog sila roon kaysa magtiis sila sa kotse. Baka sumakit ang likod niya at katawan doon at hindi niya magawa ang trabaho niyang pagtulong kay Lee sa paghahanap sa heirloom ng mga Pineda.

“Okay naman pala, eh,” aniya nang makapasok na sila sa kuwarto.

For honeymooners umano ang silid na iyon. Pero dahil walang ibang available, hindi na rin siya nag-inarte nang kunin iyon ni Lee. Kompleto ang silid sa gamit. Ibinaba niya ang dalang bag sa tabi ng sofa at tinungo ang kama.

“Ang lambot,” sabi niya. Nang balingan niya si Lee ay nakita niyang titig na titig ito sa kanya. “Bakit?”

Lumunok ito at iginalala ang tingin. Ipinukol nito ang titig sa isang pinto, ang banyo.

“Magsha-shower na muna ako.” Iyon lang at pumasok na ito.

Pagpasok ni Lee sa banyo ay mabilis na naghubad siya at tumapat sa dutsa. Hindi na niya ininda ang sobrang lamig na tubig. Iyon talaga ang kailangan

niya.

Damn! Naaasar siya sa sarili. Hindi niya makontrol ang pisikal na atraksyon niya kay Kayla.

Nang halos takbuhin nito ang kama ay may mga pumasok na imahe sa kanyang isipan. At maisip pa lang na silang dalawa lamang sa kuwartong iyon ay sapat para mabuhay ang kanyang...

Kailangang-kailangan na talaga niya ang cold shower.

Hindi nga na-rape si Kayla, pagsasamantalahan naman niya? Nasaan na ang katinuan niya? Ano pa ang ipinagkaiba niya sa rapist na Greg na iyon? Nagtagis muli ang bagang niya nang maalala ang nagtangkang humalay kay Kayla.

Kung hindi lang siguro labag sa batas ang pumatay ay hindi niya nilubayan ng bugbog ang lalaking iyon. Nang matapos sa paliligo ay lumabas na siya habang pinapatuyo ang kanyang buhok.

Nauwi sa titig ang sulyap niya kay Kayla nang makitang nakapako rin sa kanya ang mga mata nito.

Kaparehas ng tingin nito sa kanya kaninang umaga ang tingin nito ngayon. Nagtatakang tumungo siya. At ganoon na lang ang pagkataranta niya nang

makita at maalalang hindi siya nagtapi. Mabilis na iniharang niya sa kanyang harapan ang tuwalyang ginagamit niya kanina sa buhok.

Muli niyang binalingan si Kayla. Tulala pa rin ito, hindi nagsasalita. Nasa ‘danger zone’ pa rin ang mga mata nito. Itinapi na niya ang tuwalya sa ibabang parte ng kanyang katawan at tumikhim.

Saka pa lang ito kumurap-kurap. Mabilis na namula rin ang mukha nito. Tumayo ito at tumungo sa banyo nang hindi umiimik.

“Damn, what did I do this time?” naiiritang kausap niya sa sarili. Ayaw niyang magkailangan sila ni Kayla bukas.

Kailangan niya si ang sekretarya. Masakit mang aminin ay mas matalino ito sa kanya. Nakapuwesto na siya sa sofa nang lumabas ang babae. Inunahan na niya itong magsalita.

“Kayla, pasensya ka na kanina. Nasanay lang ako na naglalakad nang walang suot pagkalabas ko ng banyo. Wala kasi akong kasama sa tinitirhan ko. Pasensya ka na talaga.”

Hindi nakaligtas sa malinaw niyang mata na namula na naman ito.

“A-ayos lang iyon. Kalimutan na lang natin,” anito at mabilis na tumalikod at tinungo ang kama.

Nakahinga siya nang maluwag sa sinabi nito. Mas pabor iyon sa kanya.

Humiga na siya sa sofa. “Good night, Kayla.”

“G-good night.”

Pumikit na siya. Ipinatong niya ang kanang braso sa kanyang noo.

“Ahm... komportable ka ba diyan, Sir?” untag nito na nakapagpapitlag sa kanya.

“Siyempre naman.”

“Kanina pa tayo naglalakad pero wala pa rin tayong nakikita na punong may krus,” reklamo ni Kayla. Mahigit isang oras na silang naglalakad.

Tiningnan ulit ni Lee ang papel. “Halika rito, Kayla,” tawag nito.

Lumapit siya. Ipinakita nito ang papel sa kanya.

“Tingnan mo ito,” turo nito sa ugat sa ibaba ng pine tree. Sunod nitong itinuro ang iba pang pine trees. Binigyan niya ito ng nagtatakang tingin.

“Tingnan mong mabuti. Parang may nakasulat na hindi maintindihan dahil sa kaliitan. Baka iyan ang layo ng puno sa bawat isa.”

Napatango-tango siya at ginawa ang suhestiyon nito. Wala siyang magnifying glass. Hindi nila mababasa iyon sa sobrang liit. Masyadong malayo ang village para bumalik pa sila.

Nang umayos siya ng tayo para bumaling sa binata ay bahagyang nadulas siya. Mabuti na lamang at nasalo ni Lee ang baywang niya.

Sadya nga yatang nang-aakit ang itim nitong mga mata dahil ngayon ay hindi na niya maialis ang titig dito. Kahit ngayon lang, magpapatangay siya sa kanyang damdamin. Dahil kung hindi ngayon, kailan pa ba niya magagawa iyon?

“Kayla,” ani Lee sabay haplos sa kanyang pisngi.

Napasinghap siya sa simpleng kilos nitong iyon. Para siyang nakuryente. Unti-unting lumalapit ang mukha nito sa kanya. Hindi na niya alam kung sino ang unang humalik. Ang alam lang niya ay nais niyang matikman ang mga labi nito.

She couldn't get enough of his lips. Without hesitation, she reached for his shoulder and pulled him closer to her. He took that as a cue to deepen

the kiss. Naliliyo na siya sa sensasyong hatid ng halik nito pero wala siyang planong patigilin ang binata. Matagal na niyang pinangarap na mahalikan nito. Simula pa lang nang ipakilala siya ni Mr. Pineda rito.

Napaungol siya. Dahan-dahan nitong inilayo ang mga labi sa kanya.

“God, Kayla,” hinihinal na sambit nito, ipinatong ang noo sa noo niya.

Habol din ang hininga na sinalubong niya ang mga mata nito. His eyes were glittering with an unfamiliar emotion.

“B-bakit?”

Lumayo ito sa kanya. “We shouldn’t do that often. We might end up doing nothing but making love.”

Hindi niya alam kung nahalata nito ang pagkatigagal niya dahil nagpatuloy na ito sa mabagal na paglakad.

She realized what he had said.

Sex. Ang tanging kailangan ng mga lalaki sa mga babae. Or at least, parang iyon lang. Gaya na lang ng pagtatangka sa kanya ng dating kasintahan. Bumuntong-hininga siya para gumaan ang pakiramdam. Bahagya kasing nagsikip ang

kanyang dibdib.

Marami nga palang dahilan para pigilin niya ang damdamin niya para rito.

Unang-una, boss niya ito. Once na ma-involve siya rito at maghiwalay sila, na di malayong mangyari, siguradong sa kangkungan siya pupulutin. Mawawalan siya ng magandang trabaho. Pangalawa, wala itong gusto sa kanya. Magkaiba ang pisikal na atraksyon sa nais niyang maramdaman nito para sa kanya. Pangatlo, wala itong rason para ibigin siya. Masakit pero kailangan niyang tanggapin ang katotohanan.

“Kayla, ang kamay mo. Baka madulas ka ulit, medyo basa rito,” ani Lee, nakalahad ang isang kamay.

Inabot niya ang palad nito. Napatingin siya sa likuran nila nang maramdamang parang may gumalaw at nakatingin sa kanila. Wala siyang nakitang kakaiba roon, pero iba talaga ang kanyang pakiramdam.

Nawala ang atensyon niya sa paligid nang bigla siyang bumunggo rito. Huminto pala ito.

“Damn!” he muttered under his breath. “Look, Kayla.” Itinuro nito ang isang pine tree.

“Bakit? Ano’ng kakaiba. Puro pine trees ang lugar na ito.” Naiilang pa rin siyang kausapin ito pero hindi na lang siya nagpahalata.

“Tingnan mong mabuti,” tila excited na utos nito.

Ganoon nga ang ginawa niya. Napakunot ang kanyang noo. Ano ba ang kakaiba sa pine tree na iyon? Napansin niya na may piraso ng plywood na nakapako roon. Mayroon ding nakasulat doon na kakaibang simbolo.

“Look carefully. Hindi ba mukhang cross?”

Nanlaki ang kanyang mga mata. “Oo nga! Mukhang hindi ganoon kahirap ang puzzle. Tara, sa left na tayo.”

“Magpahinga muna tayo, mahigit isang oras na tayong naglalakad.”

“Okay, Sir,” sang-ayon niya. Naupo siya nang medyo malayo sa puwesto nito.

Nilingon siya nito, nakakunot ang noo. “Sir?”

“Boss ko ho kayo. Baka lang po nakakalimutan n’yo na.” Ewan niya pero nalakipan ng sarkasmo ang kanyang tinig. Alam niyang nahalata nito iyon.

Naging matalim ang mga mata nito. “Kala

ko ba kapag wala tayo sa opisina ay hindi mo ako tatawaging ‘Sir’? Bakit nag-iba yata ngayon?”

Nag-iwas siya ng tingin at hindi ito sinagot. Pero hinagip nito ang kamay niya at hinawakan pa ang kanyang balikat upang mapilitan siyang tumingin dito.

“Dahil ba hinalikan kita? Kung nagagalit ka, bakit hindi mo ako pinigilan kanina? Ni hindi ka man lang umiwas,” sumbat nito.

Pumiksi niya pero mas hinigpitan lang nito ang hawak sa kanya, pilit siyang inihaharap dito.

“Sorry, pero nagustuhan ko ang nangyari sa ‘tin. Kung pinagsisisihan mo ang nangyari, pasensya na dahil hindi iyon ang nararamdaman ko.” Tumayo ito pagkatapos siyang bitawan. Nakalimutan na yata nito ang pagnanais na mamahinga.

Tahimik na sumunod siya rito kahit nanlalabo ang mga mata niya sa biglang pagpatak ng kanyang luha. Matagal na rin nang huli siyang umiyak nang walang mabigat na dahilan. Mababaw lang ang dahilan ngayon, pero hindi maampat ang luha niya. O mababaw nga ba?